# TALAHANAYAN NG ISPISIPIKASYON SA FILIPINO 9 KWARTER 2
## Taong Panuruan 2022-2023

| Mga Kasanayan<br>Most Essential Learning Competencies (MELC) | Blg. Ng Araw batay sa LC Code | Por-siyent o % | Blg. ng Aytem | Madali 60% | | Katamtaman 30% | | Mahirap 10% | | Lokasyo n ng Aytem |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | Pag-aal ala | Pag-un awa | Pagla-lapat | Pagsu suri | Pagtat aya | Paglik ha | |
| Nasusuri ang pagkakaiba at pagkakatulad ng estilo ng pagbuo ng tanka at haiku<br>F9PB-IIa-b-45 | 3 | 7 | 3 | 2 | 1 | | | | | 1,2,3 |
| Nasusuri ang tono ng pagbigkas ng napakinggang tanka at haiku<br>F9PN-IIa-b-45 | 3 | 7 | 3 | 1 | | 1 | | 1 | | 4,5,6 |
| Naisusulat ang payak na tanka at haiku sa tamang anyo at sukat<br>F9PU-IIa-b-47 | 5 | 12 | 6 | 3 | | 1 | 1 | 1 | | 7,8,9,10,11,12 |
| Nagagamit ang suprasegmental na antala/hinto, diin at tono sa pagbigkas ng tanka at haiku<br>F9WG-IIa-b-47 | 7 | 15 | 7 | 3 | 1 | 1 | 1 | 1 | | 13,14, 15,16, 17,18, 19 |
| Nabibigyang-puna ang kabisaan ng paggamit ng hayop bilang mga tauhan na parang taong nagsasalita at kumikilos<br>F9PB-IIc-46 | 4 | 9 | 4 | 1 | 1 | 1 | 1 | | | 20,21, 22,23 |
| Nagagamit ang iba't ibang ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin<br>F9WG-IIc-48 | 5 | 12 | 6 | 2 | 2 | 1 | 1 | | | 24,25, 25,27, 28,29 |
| Maipaliliwanag ang mga:<br>-kaisipan<br>- layunin<br>- paksa; at<br>- paraan ng pagkakabuo ng sanaysay<br>F9PB-IId-47 | 4 | 7 | 5 | 2 | 1 | 1 | 1 | | | 30,31, 32,33, 34, |
| Naipahahayag ang sariling pananaw tungkol sa isang napapanahong isyu sa talumpating nagpapahayag ng matibay na paninindigan<br>F9PS-IId-49 | 3 | 4 | 3 | 1 | | | 1 | 1 | | 35,36, 37 |
| Nauuri ang mga tiyak na bahagi at katangian ng isang dula batay sa napakinggang diyalogo o pag-uusap<br>F9PN-IIg-h-48 | 4 | 11 | 6 | 2 | 1 | 1 | | 1 | | 38,39, 40,41, 42 |
| Nagagamit ang mga angkop na pang-ugnay sa pagsulat ng maikling dula<br>F9WG-IIg-h-51 | 5 | 12 | 6 | 3 | 2 | 1 | | | | 43,44, 45,46, 47,48 |
| Pabibigyang-puna ang paraan ng pagsasalita ng taong naninindigan sa kanyang mga saloobin o opinyon sa isang talumpati<br>F9PD-IId-47 | 2 | 4 | 2 | | 1 | | 1 | | | 49,50 |
| | 45 | **100%** | **50** | **30** | | **15** | | **5** | | |

**IKALAWANG MARKAHANG PAGSUSULIT**
**FILIPINO 9**


Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Itiman ang titik ng tamang sagot sa inyong *answer sheet.*


1. Ano ang umutukoy sa pagtaas at pagbaba ng tinig sa pagsasalita, na maaaring maghudyat ng kahulugan ng pahayag?
   A. Tono/Intonasyon    B. Antala    C. Diin    D. Haba


2. Ano ang nagpapalinaw ng mensahe o intensyong nais ipabatid sa kausap?
   A. Tono    B. Diin    C. Haba    D. Intonasyon


3. Ano ang kinaiba ng Tanka sa Haiku?
   A. Tula na may tig-5 taludtod ang bawat saknong at may pitong pantig
   B. Tula na may limang taludtod, binubuo ng 7-5-7-5-7 na pantig
   C. Tula na may apat na taludtod at binubuo ng walong pantig
   D. Tula na may 5 na taludtod may 7-7-7-7-7 na pantig

4. Ano ang tinutukoy na kahulugan ng salitang BUHAY ang ang diin ay nasa unang pantig?
   A. kapalaran ng tao    C. kaginhawaan ng tao
   B. humihingipa    D. kapalaran ng tao

5. Alin ang tamang ilustrasyon ng tono ng intonasyon na angkop sa pagbigkas ng salitang MAMAYA, na may kahulugang pag-alinlangan?
   A. 

   B. 

   C. 

   D. 


6. Matinding _______ ang dinanas ng mga tao sa Pilipinas dahil sa COVID-19.
   A. sa:KIT    B. SA:kit    C. sa:kit    D. SA:KIT

7. Ano ang paksa ng Haiku?

> • Iyong galangin,
> Ang asawa'y yakapin
> Huwag bugbugin.
> • Huwag nang buksan,
> Lahat ng nakaraan
> Walang sumbatan.
> • Planong pamilya, Ay
> dapat ginawa
> • Ng mag-asawa

   A. Buhay may asawa    C. Ang pag-aasawa
   B. Pagpaplano ng Pamilya    D. Pag-aaruga ng pamilya

8. Ang tula sa blg. 3 ay binubuo ng ilang taludtod o linya ang bawat saknong?
   A. apat    B. pito    C. labimpito    D. tatlo

> Payapa at tahimik
> Ang araw ng tagsibol
> Maaliwalas
> Bakit ang cherry Blossom
> Naging mabuway.

9. Anong uri ng katutubong tula ng mga Hapon ang nasa itaas?
   A. Ambahan    B. Haiku    C. Tanaga    D. Tanka

10. Ano ang kabuuang bilang ng pantig sa saknong na nasa itaas?

A. 17 B. 21 C. 31 D. 35

11. Ano ang sukat ng bawat taludtod o linya ng tula?
A. 5-7-5-7-7 B. 7-7-5-7-5 C. 5-7-5-7-5 D. 7-7-7-5-5

12. Paano malalaman ang sukat ng isang tula?
A. sa pamamagitan ng pagpapantig-pantig ng bawat salita.
B. sa pamamagitan ng pagbibilang ng salita sa bawat taludtod
C. sa pamamagitan ng pagbilang ng bawat titik ng bawat taludtod
D. sa pamamagitang ng pagbibilang ng bawat pantig sa bawat taludtod

13. Ano ang tumutukoy sa saglit na pagpigil ng pagsasalita upang higit na malinaw ang mensahe.
A. antala B. diin C. haba D. intonasyon

14. Ano ang tumutukoy sa lakas, bigat ng tinig sa pagbigkas ng pantig?
A. antala B. diin C. haba D. intonasyon

15. Ano ang tawag sa pagtaas at pagbaba ng tinig na maaaring makapagpasigla?
A. antala B. diin C. haba D. intonasyon


16. Sa pangungusap na, "Umulan ba kahapon?", ano ang tono o layunin ng nagsasalita?
A. nagtatanong B. nag-aalinlangan C. nagpapahayag D. nagbubunyi

17. Sa pangungusap na, "Ikaw ba talaga iyan?", ano ang tono o layunin ng nagsasalita?
A. nagtataka B. nagtatanong C. naninigurado D. nananabik

18. Ano sa tingin mong mangyayari kung hindi nabigyan ng saglit na pagtigil sa pagsasalita isang tao?
A. Mas maganda ang pagsasalita
B. Magiging mas malinaw ang pagsasalita
C. Hindi magiging malinaw ang mensaheng nais ipahiwatig
D. Walang ideya

19. Bukod sa mga ponemang suprasegmental ay nakakatulong din sa mabisang pagpapahayag ang mga _______?
A. di berbal na palatandaan C. ponema
B. berbal na palatandaan D. Ponemang segmental

20. Anong panitikan ang kathang-isip lamang na kung saan ang mga hayop o kaya mga bagay na walang-buhay ang gumaganap na mga tauhan?
A. dula B. epiko C. maikling kwento D. pabula


Sa maliit na kubo nakatira ang mag-inang pusa. Hindi matatawaran ang pagmamahal ni Binay sa kanyang dalawang anak. Kaya labis ang pag-aalaga niya. "Ikaw Milay ang taba mo.", wika ni Binay. Tuwang-tuwa naman si Kabong habang dinidilaan ng ina ang balahibo nito.
Sa 'di kalayuan takam na takam na nagmamasid si Bowa, ang malaking ahas na kaibigan ni Binay, sa malulusog na katawan ng mga kuting. Agad niya itong nilapitan. "Binay! Mukhang napakalusog ng mga anak mo ah. Nakangiti pa habang tuloy-tuloy sa pagsasalita. Ay! Oon

21. Batay sa papel na ginampanan ng ahas sa pabula, anong damdamin ang mahihinuha sa pahayag?
A. paghanga B. pagtulong C. pagkatuwa D. panlilinlang

22. Anong positibong aral ang ipinahihiwatig ng ginampanang papel ng pangunahing tauhan?
A. Ang buhay ay may maraming pagsubok.
B. Lahat ng kaibigan ay mapagkakatiwalaan.
C. Huwag agad-agad maniniwala sa sinasabi ng ibang tao.
D. Mag-ingat sa mga mapagkunwaring kaibigan at kamag-anak.

23. Paano ginagampanan ng mga hayop ang kanilang papel bilang tauhan sa kuwento?
A. Sa paraang sila ang namamahala sa kuwento.
B. Sa pamamagitan ng pagpapalit anyo nito ng isang tao.
C. Sa paraang sila ang sumasaksi sa pagtatanghal ng mga actor.
D. Sa pamamagitan ng pagsasalita at pagkilos na parang mga tao.

24. Napalundag sa sobrang tuwa si Binay at agad naman itong sumama kay Bowa. Sa pangungusap, anong damdamin ang nangibabaw sa tauhan?
A. paghanga B. pagkagulat C. pagkatuwa D. pagkalungkot

25. Sa 'di kalayuan ay takam na takam na nagmamasid si Bowa, ang malaking ahas na kaibigan ni Binay, sa malulusog na katawan ng mga kuting. Alin sa mga sumusunod ang nagpapahiwatig sa tunay na damdamin ng tauhan?

A. May gusto siya sa mga kuting.
B. Itinuturing niyang parang mga anak ang kuting.
C. Gusto niyang kainin ang mga malulusog na kuting.
D. Hinahangaan niya ang pagmamahalan ng mag-iinang pusa.

26. "Milay! Kabong! Mga anak nasaan na kayo?", sigaw ng inang pusa nang hindi matagpuan ang mga anak. Anong damdamin ang ipinahahayag nito?
A. pag-aalala B. pagkalungkot C. pagkatuwa D. pagmamakaawa

27. Sa pangungusap na, "Tama ang nagging pasya at desisyon niya sa kanyang sarili na mahalin niya ang kanyang mga kaaway.", anong damdamin ang mahihinuha?
A. pagkainis B. pagkalungkot C. pagsalungat D. pagsang-ayon

28. "Naku! Tumaas na naman ang bilang ng nagpositibo sa Covid-91." Anong ekspresyon ng damdamin ang ipinapahayag dito?
A. padamdam B. patalinghaga C. maikling sambitla D. diretsahang paraan

29. "Bilis!" Anong ekspresyon ng damdamin ang ipinapahayag nito?
A. padamdam B. patalinghaga C. naglalarawan D. maikling sambitla

30. Anong genre o sangay ng panitikan ang nasusulat sa anyong tuluyan na maaaring tumatalakay sa anumang isyu sa kapaligiran maging tao, hayop, pook, pangyayari, bagay, at guniguni?
A. dula B. pabula C. sanaysay D. talumpati

Nanunuot sa kalamnan ang lamig na dulot ng kalungkutan, dahil sa pagkawalay sa iyong magulang upang maragdagan ang kaalaman. Buhay Senior High School ay isang bagong mundo. Magkakaroon ka ng bagong kaibigan o kaibigan kaya napakainam. Ang minsang pagpapadama ng init ng iyong kaibigan o ka-ibigan ay tila ba kay- inam, ito'y naging bisyo na ng iyong katawan. Nakalimot ka sa iyong sinumpaan. "Inay, Itay iuuwi ko diploma ng karunungan." Huwag mo sanang kalimutan ang kapal ng kalyo sa kamay ng iyong magulang, babad nilang mga paa sa putikan, may maipadala lamang sa iyong pangangailangan.
*Ni: Cristia Marie C. Colastre*

31. Paano inilahad ng manunulat ang layunin sa binasang talata?
A. sa pamamagitan ng paglalahad ng mga sitwasyon
B. sa pamamagitan ng pag-isa-isa ng nadarama ng mag-aaral
C. sa pamamagitan ng pagbibilang ng paghihirap ng magulang
D. sa pamamagitan ng pagbibigay halimbawa ng pangyayari

32. Paano ipinapakita sa teksto ang realidad sa lipunan na ang mag-aaral ay may malaking responsibilidad na nakaatang sa kanilang balikat?
A. sa pamamagitan ng sitwasyong naglalahad ng tungkulin ng mag-aaral
B. sa pamamagitan ng pagbibigay linaw sa hirap ng mag- aaral
C. sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga karanasan ng mag-aaral
D. sa pamamagitan ng paglalahad ng pangarap ng mag-aaral

33. Ano ang nais ipahiwatig ng pahayag na ito, "Huwag mo sanang kalimutan ang kapal ng kalyo sa kamay ng iyong magulang, babad nilang mga paa sa putikan, may maipadala lamang sa iyong pangangailangan".
A. nagpaalala na kailangan ayusin ng mag-aaral ang kaniyang pag-aaral
B. nagpaalala na kailangan maghirap ang mag-aaral sa pag-aaral
C. nagpaalala na ang sakripisyo ng magulang ay para sa ikabubuti ng anak
D. nagpaalala na ang magulang ay handang magpakahirap para sa anak

34. Kung ikaw ang mag-aaral, paano mo susuklian ang sakripisyo ng iyong magulang para sa iyong magandang kinabukasan?
A. Bilang mag-aaral susuklian ko ang sakripisyo ng aking mga magulang sa pamamagitan ng pag-aaral nang mabuti at pakikipag kaibigan sa kapwa.
B. Bilang mag-aaral susuklian ko ang sakripisyo ng aking mga magulang magtatrabaho ako upang maiahon ko sa hirap ang aking pamilya.
C. Bilang mag-aaral susuklian ko ang sakripisyo ng aking pagbubutihin ko ang aking pag-aaral para sa aking magandang kinabukasan
D. Bilang mag-aaral susuklian ko ang sakripisyo ng aking mga magulang mag-aaral po ako nang mabuti upang maiahon ko ang aking pamilya sa hirap.

35. Ano ang sining ng pagpapahayag ng isang kaisipan tungkol sa isang paksa sa paraang pasalita sa harap ng tagapakinig?
A. arganekdota B. argumento C. impromptu D. talumpati

36. Alin sa mga sumusunod ang nagpapahayag ng positibong paninindigan?
A. Hayaang ang pamahalaan ang maghanap ng solusyon sa kinakaharap na suliranin.
B. Huwag sundin ang sinasabi ng nasa panunungkulan dahil wala silang pakialam sa iyo, buhay mo iyan.
C. Hindi natin makakayang gawin ang simpleng bagay tulad ng pagtitipid ng kuryente at tubig dahil mga bata pa tayo.
D. Sa puntong ito, dapat tayong magtulong-tulong sa paglutas sa suliranin sa basura.

37. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang HINDI nagpapahayag ng katangian sa argumento, opinyon, at pananaw?
A. Mahalaga at napapanahong paksa.
B. Maikli ngunit malaman at malinaw.
C. Malinaw at lohikal na transisyon sa mga bahagi ng teksto.
D. Malinaw ngunit hindi nagkasunod-sunod ang mga talata.

38. Ano ang tawag sa katumbas ng "salaysay" o pagsasaayos ng dula ng mandudula o "playwright"?
A. banghay B. paksa C. kilos D. tanghal

39. Ano ang tawag sa pinakaluluwa ng isang dula?
A. tauhan B. iskrip C. manonood D. entablado

40. "Ang mag-amang Dan at Danilo ay masayang naglakbay pauwi sa kanilang dampa sa malayong nayon ng Mabini." Ang nakasalungguhit na mga salita ay tumutukoy sa __________ ng isang teksto.
A. Banghay B. Iskrip C. Tagpuan D. Tauhan

41. Paano mo maihahambing si Temujin sa dulang *Munting Pagsinta* kay Manuel sa dulang "*Dahil sa Anak"* batay sa pangyayari sa dula?
A. Mas magalang si Temujin kaysa kay Manuel.
B. Si Manuel ay mas pasaway kaysa kay Temujin.
C. Si Temujin ay mas matapang kaysa kay Manuel.
D. Sina Temujin at Manuel ay parehong masunurin.

42. Alin sa dalawang dula ang sa tingin mong higit na angkop panoorin ng mga batang manonood?
A. Ang *Munting Pagsinta* dahil mas marami ang mga aktor na gumaganap.
B. Ang *Dahil sa Anak*, dahil ang mga eksena ay nangyayari sa totoong buhay.
C. Ang *Dahil sa Anak,* dahil maayos ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari nito.
D. Ang *Munting Pagsinta,* dahil higit na maayos ang pakikitungo ng anak sa kanyang ama.

43. Anong uri ng pang-ugnay ang nag-uugnay ng dalawang salita, parirala o sugnay na pinagsunod-sunod sa pangungusap?
A. pang-angkop B. pangatnig C. pang-ukol D. pamukod

44. Anong uri ng pangatnig ang mga katagang nag-uugnay sa panuring at salitang tinuturingan?
A. pang-angkop B. pangatnig C. pang-ukol D. pamukod

45. Anong uri ng pangatnig ang mga kataga o salitang nag-uugnay sa pangngalan o panghalip sa ibang salita sa pangungusap?
A. pang-angkop B. pangatnig C. pang-ukol D. pamukod

46. Ang kanyang nilutong ulam na tinolang manok ay _______ lahat.
A. para sa B. ukol kay C. tungkol sa D. hinggil sa

47. Gusto niyang bumili ng damit, _________ wala siyang pera.
A. dahil B. kung gayon C. ngunit D. sapagkat

48. Ano ang pang-ugnay sa pangungusap na, "Ang mga bansa sa Gitang Asya ang pangunahin na pinagkukunan ng langis ng ating bansa."
A. bansa B. langis C. g D. na

49. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa mga pahayag na nagbibigay ng matatag na opinyon?
A. Labis akong naninindigan na si Nesthy ang tunay na wagi sa larong iyon.
B. Kung ako ang tatanungin, mas mabuting ma-vaccine ang lahat.

C. Lubos kong pinaniniwalaang mahal niya ang kanyang trabaho.
D. Kumbinsido akong magbabalik din tayo sa dating normal.

50. Paano nakakatulong ang talumpati sa pang araw-araw na buhay?
A. Maka-aliw sa ibang tao.
B. Nakapagbibigay inspirasyon sa mga tao.
C. Nakapag-udyok na gawin ang kanilang ipinaglalaban.
D. Upang malayang makapagpahayag ng sariling opinyon, ideya at argumento hinggil sa napapanahong isyu.